
LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ang Pagyanig




Kuwento ni Sierra Mae Paraan
Guhit ni Hannah Manaligod

## Unang Bahagi




"Langit, lupa naman ang laruin natin," yaya ni Pauline sa dalawang kaibigan.

"Teka," paglilinaw ni Miko. "Kapag nasa langit, hindi ka puwedeng mataya?"

"At kapag nasa lupa, saka ka puwedeng habulin?" dagdag ni Ram. Tumango agad si Pauline, "Tandaan n'yo ha, 'yung matataas na lugar ang puwedeng langit. Kapag nahawakan, siya na ang susunod na taya."

Nagsimulang magtakbuhan ang magkakaibigan. Wala pang ilang minuto, may kumalabit kay Pauline at nagsabing "Boom! Bulaga!" Si Greg.



“Anong kailangan niya?” bulong ni Ram habang nakanguso kay Greg.


“Naku, sasali yata sa laro,” bulalas ni Miko.

“Bakit ka nandito?” tanong ni Pauline nang nakataas ang kilay.

“Bakit, bawal?” sagot ni Greg nang pabalang. Kaklase nila Pauline, Ram, at Miko si Greg sa Grade 3-Matulungin. Mahilig si Greg sumabat sa usapan at manggulo sa laro ng iba.

“Gusto kong makipaglaro sa inyo ngayong araw,” sabi ni Greg. “*Volunteer* na nga akong taya e.” Inunat niya ang mahahabang braso at tinapik ang mga kaklase. *Boom! Boom! Boom!*

Naghalo-halo ang inis, irita, at kaba sa tatlong magkakasama.




Nang hindi kumibo ang tatlo, nagsimulang pumadyak si Greg. Boom! Bagsak ng kaliwang paa niya. *Boom!* Kalabog ng kanan niya.

Kumaway ang mga puno at halaman. Sumayaw ang mga gusali at silid-aralan. Nagtakbuhan at nagsigawan ang iba nilang kaeskuwela. Pati ang mga guro, lumabas sa silid at nagsabi, “Mga mag-aaral, ‘wag kayong mataranta. Kumilos nang dahan-dahan at huwag mabahala.”

“Naku, napayanig ko ba ang lupa sa aking pagpadyak?” tanong ni Greg sa sarili.



Natigil ang pagyanig ng paligid pero hindi pa pinabalik ang mga klase sa silid. Sabi ni Ma'am Luna, "Lindol ang naranasan natin. Kung minsan, nasusundan ito ng *after shock*. Ibig sabihin, posibleng may isa pang lindol na paparating."

Pinapila sa isang hilera sina Pauline, Ram, Miko, Greg, at ang iba pang mula sa Grade 3-Matulungin. Hindi pa rin sila makapag-usap dahil sa gulat at takot.

Bilin ng kanilang prinsipal, "Kapag may lindol, huwag magkagulo. Pumila nang tahimik at maglakad nang mabilis papunta sa *open field*. Tandaan, takpan lagi ang inyong ulo."

## Skill Builder

Kung ikaw ang isa sa tatlong magkakaibigan, anong gagawin mo kay Greg? Bakit ito ang gagawin mo?

## Ikalawang Bahagi




Matapos ang ilang sandali, bumalik ang mga klase sa bawat kuwarto.


"Buti na lang pala nasa labas tayo kanina," bulong ni Ram.

"Ay, sinabi mo pa," bulalas ni Miko.

Tanong ni Pauline, "Paano po 'pag dito tayo inabutan ng lindol, Ma'am Luna?"

"Magandang tanong 'yan. Narinig n'yo na ba ang *Drop, Cover, and Hold*?" sagot niya. "Ito ang gagawin n'yo kapag nakaramdam ng pagyanig."


Tiniklop ni Ma'am Luna ang katawan sa sahig, tinakpan ang ulo gamit ang isang makapal na libro, at di gumalaw. "Iyon ang dapat nating gawin kapag may lindol. Kapag tumigil ang lindol, saka lamang tayo tatayo, pipila, at maglalakad nang mabilis papunta sa open field."



Hindi pa man natatapos magpaliwanag si Ma'am Luna, may biglang kumalabog sa silid nila. *Boom!* Bagsak ng mga libro sa kaliwa. *Boom!* kalabog ng mba gamit ni Ma'am sa kanan.

"Mga mag-aaral!" malakas pero kalmado ang kaniyang paalala. "*Drop, Cover, and Hold!*"

Iniyuko ng mga mag-aaral ang katawan. Iba-iba ang ginamit nilang pantakip. Dinampot ni Pauline ang Science *textbook*. Kinuha ni Ram ang malaking kuwaderno. Ang kay Miko ay Math *workbook*. Sa 'di kalayuan, nakita ng magkakaibigan si Greg na natataranta. *Pad paper* lang ang hawak niya. Naku, hindi kasya ang pantakip sa katawan niya!



“Ito ang gamitin mo,” bulong ni Ram sabay abot ng sariling diksiyonaryo.

“Ay, umiwas ka sa may *shelf*,” bulalas ni Miko.


“Okey ka lang ba?” tanong ni Pauline.

Hindi makapagsalita si Greg sa pagmamalasakit ng *Boom! Boom! Boom!* Naghalo-halo ang galak, takot, at kaba sa loob niya. Pagkatapos ng pagyanig, nag-utos si Ma’am Luna. Agad na pumila ang klase at sumunod sa kaniya. Sariwa pa rin ang takot, kaba, at pag-aalala sa mga mag-aaral. Pero bukod sa mga ito, si Greg ay bigla ring nakonsensiya.




Lumapit si Greg sa tatlong magkakaibigan pero muli silang pinaupo ni Ma'am Luna sa damuhan. Pakinggan daw muna ang sasabihin ng prinsipal. Ang sabi, "*Intensity 4* ang tumama sa paaralan natin. Masuwerte tayo at hindi malala. Sana magsilbing paalala ang pangyayari. Dapat lagi tayong maghanda."

Dagdag ni Ma'am Luna, "Alam n'yo mga mag-aaral, may lakas kasi ang bawat lindol. *Intensity* ang tawag dito. *Magnitude* naman ang tawag sa kung gaano kalawak ang sakop ng lindol. Huwag kayong mag-alala at pag-uusapan natin ito sa ibang araw. Sa ngayon, kailangan munang ayusin ang nagulo at nasirang mga gamit sa silid. Hahayaan ko na kayong umuwi."



“Pauline, Ram, Miko...” nahihiyang bungad ni Greg. “S-salamat kanina. Puwede ba tayong maglaro ng langit, lupa sa ibang araw?”

“Okey lang sa akin kung okey sa kanila,” bulong ni Ram.

“Basta ba ‘di mo na kami aasarin,” bulalas ni Miko.

“E mangungulit ka pa ba ulit? Peksman, kahit kailan?” tanong ni Pauline.

Itinaas ni Greg ang hinliliit at ngumiti, “Hindi na. Pramis.”

## Paggamit ng Panghalip

I. Basahin ang pag-uusap nina Pauline, Ram, Miko, at Greg. Punan ng wastong panghalip ang pangungusap.

**Pauline:** Pupunta ______________ kay Ma'am Luna mamaya.

**Miko:** Bakit daw? ______________ ang pinatawag ni Ma'am Luna noon kasi naglalaro ______________ habang may klase.

**Pauline:** Hindi naman sa ganoon. Hihingi lang ako ng dagdag impormasyon tungkol sa lindol. 'Di ba, natakot ______________ lahat kanina?

**Ram:** Oo nga naman. ______________ ba, Miko, 'di ka natakot?

**Miko:** Siyempre! Pati ______________ Greg at iba pa sa *row four* nakita ko nanginginig e.

**Ram:** Teka, Pauline. Sama na ______________ ni Miko sa pagpunta mo kay Ma'am.

**Greg:** Uy, teka. Hintayin n'yo ______________!

II. Bumuo ng sariling pangungusap gamit ang sumusunod na panghalip: **ako, ikaw, siya, tayo, kami, kayo, at sila.**

## Unang Bahagi - Anong Nangyari kay Greg?




“Hello!” bati ni Pauline sa mga kaklase. Sinalubong siya ng ngiti nila Ram at Miko. Napansin ni Pauline ang pagsikip ng kanilang silid. Inurong ang kanilang silya malapit sa pisara. May mga kahon at gamit na nakalagay sa likod. “Ano’ng nangyari kay Greg?” tanong ni Pauline.

“Nasa barangay hall daw ngayon ang pamilya nila,” bulong ni Ram.

Nanlaki ang mga mata ni Pauline, “Barangay? Bakit, may ginawa ba silang kasalanan?”

“Hindi sa ganoon,” bulalas ni Miko. “Nasa barangay sila dahil wala silang matutuluyan. Nasunugan sina Greg noong isang araw.”



“Grabe naman ang nangyari kay Greg!” napalakas ang boses ni Pauline. “Paano sila nasunuguan?”

“ ‘Di ako sigurado.Iba-iba ang sabi ng mga kaklase natin,” bulong ni Ram. “Naiwan daw na bukas ang kalan. Tapas kumalat ang apoy sa bahay nang hindi namalayan.”

*“Octopus* ang narinig ko kanina lang,” bulalas ni Miko.


Nagtaka si Pauline sa narinig. “Octopus? Ano ‘yun?”

“Octopus ang tawag sa inilalagay sa saksakan para dumami ang puwedeng isaksak dito,” paliwanag ni Miko. “Pero kapag sumobra ang nakakabit sa isang saksakan, delikado. Pumuputok ito na posibleng simulan ng apoy.”

“Hala, kawawa naman sina Greg,” di naitago ni Pauline ang lungkot sa narinig.

“ ‘Yung narinig ko sa ibang seksiyon e naglaro daw ng paputok sina Greg tapos tumama ito sa mga libro,” dagdag ni Ram. “Tapos meron pang isang kuwento na naiwan daw ni Greg na nakasindi ang kandila.”

Napakamot ng ulo si Pauline, “Paputok? At bakit naman maglalaro ng kandila si Greg? Ako nga, di rin pinapayagan  ni Papa.”




“Sa amin naman inilalayo ang posporo at *lighter* sa mga bagay na madaling sumiklab,” sabi ni Miko. “ ‘yung gas, mga papel, *alcohol* at *acetone* e nakalagay sa ibang cabinet.”

“Buti at walang nasaktan sa pamilya ni Greg, ‘no?” ani Pauline.

“Sinabi mo pa!” diin ni Miko.

“Ang iniisip ko kanina pa,” napakagat-labi si Ram, “paano kaya sila nakatakas habang nasusunog ang bahay nila? Ano kayang ginawa nila nung may apoy na?”



“Siguradong kumuha sila ng basang tuwalya at nilagay sa mukha,” bungad ni Miko. “‘Yun kasi ang nakikita ko sa mga palabas. Halos di makakita ‘yung mga bida sa kapal ng usok.”

“Sa tingin ko, lumabas na sila agad ng bahay habang hindi pa kumakalat ang apoy. Delikado kapag naghakot ka pa ng gamit at baka maipit ka sa loob,” nangatog ang balikat ni Pauline. “Alam n’yo bang ‘yun ang ginawa ng pamilya ko nu’ng nalagay din kami sa peligro?”

“Ano?!” sigaw nina Ram at Miko, napanganga sa kuwento ng kaibigan nila.

“Pauline, nasunugan rin ba kayo ng bahay noon?” pabulong na tanong ni Ram.

“Kuwento! Anong nangyari?” bulalas ni Miko.

“Naku, hindi kami nasunugan,” paglilinaw ni Pauline. “Pero naroon kami nung pumutok ang isang bulkan.”

**Pagbuo ng Prediksiyon**

I. Ibigay ang mga posibleng mangyari sa sumusunod na sitwasyon.

1. Naglaro ng apoy si Greg sa bahay.
2. Nanatili si Pauline sa kanilang bahay nang sumabog ang bulkan.
3. Hindi nasabi sa paaralan ang nangyari sa pamilya ni Greg.

**Pagbigay ng Hinuha**

II. Ana sa tingin mo ang naisip ni Pauline sa pahayag na ito?

"Nasa barangay hall daw ngayon ang pamilya nila," bulong ni Ram.

Nanlaki ang mga mata ni Pauline, "Barangay? Bakit, may ginawa ba silang kasalanan?"

## Ikalawang Bahagi



“Albay ang pinanggalingang bayan nila Mama,” kuwento ni Pauline.

“Bulkang Mayon ang naroon ‘di ba?” tanong ni Ram.

Tumango si Pauline. “Aktibong bulkan ang Mayon at maaari pa rin itong sumabog hanggang ngayon. Tuwing puputok ito, naglalabas ang Mayon ng makapal na itim na usok at mainit na *lava.”*

“Lava,” inulit ni Miko ang kataga, “Gawa ito sa sobrang init na bato na galing sa ilalim ng lupa, yung lumalabas sa bulkan at tumutulo pababa.” Napangiti si Miko sa sinabi, naalala niya kasi ang turo ni Ma’am Luna.

“Di kagaya ng apoy,” pagpapatuloy ni Pauline, “puwedeng paghandaan ang pagsabog ng bulkan. Dito, may mga senyales namang maoobserbahan.”




"Nagbakasyon kami kina Mama nung nagsimulang magbabala tungkol sa pagsabog ng bulkan sa TV," nagpatuloy sa pagkukuwento si Pauline.

"Anong babala?" tanong ni Ram.

"Pinalikas lahat ng nakatira, anim hanggang walong kilometre mula sa bulkan. 'Di na nagdalawang-isip nun si Mama. Umalis kami agad ng Bicol."

"Buti," napapalakpak si Miko. "Nung minsang sumabog ang Mayon, natabunan daw 'yung isang buong bayan, pati yung simbahan e, 'yung Cagsawa. Tama ba?"

"Kaya nga unang araw pa lang, nagligpit na agad kami ng gamit. Sabi ni Mama, 'pag naghintay pa raw kami, baka matabunan kami ng bato at lava tapos tuluyang maipit."




Napabuntong-hininga si Ram, "Ang ganda-ganda pa naman ng Mayon. Biro mo, korteng perpektong apa tapas may itinatago palang panganib."

"At hindi lang Bulkang Mayon ang

ganyan," dugtong ni Miko. "Marami pang aktibong bulkan sa Pilipinas. Nandiyan ang Bulkang Pinatubo sa ..."

"Naku, Bulkang Pinatubo... isa pa 'yan," napailing si Ram...Ang daming kuwento ng Tatay diyan. Nagkaro'n daw ng lindol nung pumutok ito tapos umabot hanggang sa Hawaii ang abo. Grabe 'no?"




"Talagang madalas ang lindol at bulkan sa bansa natin 'no. Nasa *Pacific Ring of Fire* kaya tayo," dagdag ni Pauline.

"Ano, Paci ic Rrr?" tanong ni Ram.

"Ring of Fire," diin ni Pauline. "'Yung puwesto ng Pilipinas, madalas tamaan ng lindol at pagsabog."

"Oo nga. Tama ka naman," sagot ni Miko na nilakasan pa ang boses. "Pauline Herras po, huwag kalimutang iboto." Pinandilatan ni Pauline ang nang-aasar na mga kaibigan.
"A ganun pala a. Ang di titigil sa pagtawa, siya ang taya sa taguan mamaya."

"Ako na lang ang magiging taya," sabi ng isang bagong boses.

Doon lang natigil sa pagtawa sino Ram at Miko.
"Greg!" sigaw nilang tatlo.




“Kukunin ko lang sandali ang mga donasyon sa akin. Halos wala kasing natira sa pamilya namin,” paliwanag ni Greg, may bakas ng pawis sa mukha.

‘Di malaman nila Pauline, Ram, at Miko ang sasabihin. Tinulungan ng tatlo si Greg sa pagbuhat ng mga supot, kahon, at gamit.

“Uy, wag kayong malungkot,” alo ni Greg sa mga kaklase. “Papasok naman ako ulit. ‘Di ba, maglalaro pa nga tayo? Maghanda kayong mabuti. Lagot kayo ‘pag taya na ‘ko.”

Skill Builder

**Paggamit ng Panghalip**

I. Basahin ang sumusunod na pangungusap at na tukuyin kung **ito, iyan,** o **iyon** ang pinakaangkop na panghalip sa pahayag.

1. Hawak ko ang pusang nakita ni Tatay sa kusina. ____________ si Muning.
2. Brian, ____________ bang posporong nasa bulsa mo ang ginamit natin kanina?
3. Hindi kasi gagana ____________ hawak kong kalan kung wala ang posporo.
4. Bilin sa atin, ingatan ____________ kusina na ginagamit natin ngayon.
5. Dapat lang ingatan. Teka, kukunin ko pa _______ kalan at sandok sa malayong lugar.

II. Bumuo ng tig-dalawang pangungusap na gumagamit ng **ito, iyan,** at **iyon.**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Unang Bahagi
### Ang Matapang sa Gitna ng Bagyo




Hinihingal na dumating sina Pauline at Ram. “Grabe ang ulan! Ang taas ng tubig sa labas!” bungad ni Pauline.

“Alam n’yo bang kumatok pa si Pauline sa gate namin at sa iba pang kapit-bahay,” kuwento ni Ram. “May ilog kasi sa likod ng kalye namin. Kung ‘di pa napansin ni Pauline na tumataas na ‘yung tubig, malamang nandun pa rin kami sa bahay.”

Dagdag ng nangingnginig na si Miko, “Nabasa agad ang mga damit ko sa bilis ng pagtaas ng tubig. Hanggang dibdib na ni Tatay. Buti na lang nailigtas ko si Bruno,” sabay yakap sa *stuffed toy* na aso.

“Heto ang gamitin mo,” iniabot ni Greg ang kumot sa nanginginig na si Miko.




“Kailan kaya titigil ang ulan?” buntong-hininga ni Pauline habang nakatingin sa bintana.

“Nung nagsilabasan ang mga langgam at pumila nang diretso, alam ko nang may paparating na bagyo,” dagdag ni Greg. ‘“Yun kasi ang sabi ni lola. Nararamdaman daw ng ibang insekto kapag may pagbabago sa panahon. Di ko naman akalaing ganyan kalakas ito.”

“Signal number 3 daw ang bagyo. Ano’ng meron kapag signal number 3?” tanong ni Ram.

“Hay,” sagot ni Miko. “Dahil sa lakas ng ulan at hangin, may mga punong natumba. Nawala pa ang koryente kanina. Ay, nakita n’yo ba ‘yung lumipad na bubong kina Aling Chona?”



“Hindi e,” sagot ni Pauline. “Pero narinig ko, sa ospital daw sila dumiretso.”

“Bakit doon?” tanong ni Ram.

“May sugat daw kasi sa paa ‘yung anak ni Aling Chona. Baka magkaroon daw ng *leptospirosis* dahil nalubog sa baha.”

“Leptos- ano?” ulit ni Ram.


“Leptospirosis. Ito ‘yung sakit na nakukuha mo pag pumasok sa katawan mo ‘yung ihi ng daga,” paliwanag ni Pauline.

“Yuck! Eew! Aaack!” halos magkoro sina Greg, Ram, at Miko.

“E ‘yang si Bruno,” turo ni Pauline sa yakap ni Miko.

“Sigurado ka bang di siya naihian ng daga?”

“Oo naman. Lagi kayang naliligo si Bruno!” pinisil ni Miko ang paboritong aso.




Habang nagkukuwentuhan ang apat, inilibot ng magkakaibigan ang mata sa loob ng silid-aralan. Halos hindi na nila makilala ang kanilang paaralan.

Ang mga silya at sahig ay ginawang higaan. Sa labas, may *rescuers* din na umiikot at nagbibigay ng pagkain, tubig, at iba pang gamit.

Napatingin sila sa isang umiiyak na mag-aaral. Di na nagdalawang-isip ang apat na lumapit sa kaniya.

Skill Builder

**Ang Talaarawan ni Pauline**

Ikukuwento ni Pauline sa kaniyang talaarawan kung paano niya iniligtas ang kaniyang mga kapitbahay. Kunwari kayo si Pauline. Ipagpatuloy ang talaarawan. Gamitin ang panghalip na panao sa pagkukuwento (halimbawa: ako, kami, siya, sila}.

_______________________

Mahal kong Talaarawan,

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ang iyong kaibigan,

_______________________

## Ikalawang Bahagi




Angge ang pangalan ng mag-aaral. Nasa Grade 1 siya. Hindi niya makita ang kaniyang pamilya. Pinakita ni Angge ang tanging nailigtas niya--isang *emergency bag*. Binuksan ni Pauline ang gamit. Meron itong gamot, biskuwit, tubig, pito, *lashlight,* mga damit, libro, krayola, *family picture,* at isang papel na puro pangalan, *cell phone* number, at tirahan.

"O, ayan pala," sabi ni Ram. "'Wag ka nang mag-alala. Mahahanap natin sila."

"Oo nga," tinapik ni Greg si Angge. "Magtanong tayo sa mga kuya at ate."

"Buti na lang meron kang emergency bag," dagdag ni Miko. "Ako nga, walang ganyan. E 'di sana, hindi lang si Bruno ang nakuha ko."




Lumapit si Pauline sa rescuers at ikinuwento ang problema ni Angge. Si Ram naman, sinabi ang hinahanap sa pamilya. Sino Greg at Miko, sinamahan si Angge sa isang sulok.

“Gusto mo bang kumain?” tanong ni Greg.

“E laro? Ano’ng gusto mong gawin?” dagdag ni Miko. Niyuko lang ni Angge ang kaniyang ulo, yakap ang sarili at ayaw kumibo.

“Alam ko na!” napalakas ang boses ni Miko. “Gusto mo bang makarinig ng kuwento? Tungkol ito sa isang matapang na aso.”




Nagsimulang magkuwento si Miko tungkol kay Bruno. “Si Bruno ay hindi laging matapang” bungad niya. “Takot siya sa kulog at kidlat. Tumataas ang balahibo niya kapag nakakakita ng baha.”

Tumigil sa pag-iyak si Angge at nakinig nang mabuti. Maya-maya pa, nakikinig na rin sa kuwento sino Greg, Ram, at Pauline.

“Isang araw, bumagyo nang todo. Naipit sa loob ng bahay si Bruno at ang matalik niyang kaibigan, ‘yung kaniyang amo. Tumaas nang tumaas ang tubig hanggang sa di na sila makalabas.”

“Tapos? Tapos po?” di makapaghintay si Angge sa susunod na mangyayari.




"Alam ni Bruno, delikado 'pag lumangoy siya sa baha kahit pa kasama ang kaniyang amo," pagpapatuloy ni Miko. "Kaya humanap siya ng tulong. Dinaan niya sa pagkahol. Kumahol nang kumahol si Bruno hanggang sa may makarinig at nabigyan silo ng tulong."

"E matapang naman po pala si Bruno," sabi ni Angge.

"Ikaw din!" sabat ni Pauline. "Biro mo, sumama ka sa rescuers kahit di mo pa makita ang iyong mama at papa."

"Sabi sa amin, ginamit mo pa 'yung pito na nasa bag mo kanina," dagdag ni Ram.

"Sabi po kasi nila sa akin gumamit ng pito kapag tumaas pa ang tubig," nangingilid ang luha ni Angge. "Kukunin lang daw nila 'yung kapatid ko pero di pa sila bumabalik."



“O, sa’yo na siya,” inabot ni Miko kay Angge si Bruno. “Babantayan ka ni Bruno hanggang di pa dumadating  ang mga magulang mo.”

Niyakap ni Angge ang malambot na aso, “Salamat po.”

Pagkatapos ng ilang oras, humina ang hangin at naging ambon ang malakas na ulan.

“Angelica Ruba! Angelica Rubal” sigaw ng isang rescuer. “May naghahanap sa’yo! Halika!”

Nagtinginan sina Pauline, Greg, Ram, at Miko. Pagod man at sinisipon, napangiti sila sa isa’t isa.

**Paggamit ng Panghalip**

Gumawa ng listahan ng mga dapat lamanin ng emergency bag at ng mga dapat gawin kapag mayroong bagyo. Siguraduhing magagamit ang panghalip (ito, iyan, iyon, dito, diyan, doon) sa pangungusap.

Skill Builder

**Pagsulat ng Talala**

Magbigay ng sariling wakas sa kuwento. Mahahanap kaya ni Angge ang kaniyang pamilya?

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation